

enough  
for  all

## MGA SUPORTANG PINANSYAL PARA SA MGA TAONG NAAPEKTUHAN NG COVID-19

Ang impormasyong ito ay inihanda ng Vibrant Communities Calgary at ng Momentum upang magkaloob sa mga mamamayan ng Calgary ng makabuluhang impormasyon tunakol sa iba't ibang mababakuhanan na tulona pinansyal

Ang **Canada Emergency Response Benefit** ay nakalaan para sa mga mamamayan ng Kanada simula sa buwan ng Abril 2020, sa pamamamgitan ng pagpaparehistri sa Ahensya ng Kita ng Kanada (Canada Revenue Agency) o sa pamamamgitan ng pagtawag sa 1-800-622-6232.

Ang benepisyo ay nagkakahalaga ng \$2000 kada buwan sa loob ng 16 na linggo o 4 na buwan.

Si Roberta ay nagtatrabaho sa isang salon, ngunit siya ay natanggal sa trabaho dahil sa batas na ipinatutupad patungkol sa pagdistansya sa kapwa (*social distancing*) kaugnay ng krisis dahil sa COVID-19.

Sinubukan niyang mag- aplay sa Seguro sa Trabaho (Employment Insurance), subalit nalaman niyang hindi siya kwalipikado. Kailangang mag-aplay si Roberta para sa '*Emergency Response Benefit*'.

Si Erin ay nagtatrabaho bilang malayang kontratista subalit kailangan niyang iwan ang kanyang trabaho upang alagaan ang kanyang mga anak sa dahilang nagsara ang lugar kung saan niya pinaaalagaan ang mga bata. Si Erin ay hindi kwalipikado upang mag-aplay sa sa Seguro sa Trabaho (Employment Insurance), kung kaya't kailangan niyang mag-aplay para sa '*Emergency Response Benefit*'.

## EMERGENCY ISOLATION SUPPORT BENEFIT

Ipinabatid ng Mga Serbisyong Pangkalusugan ng Alberta (Alberta Health Services) kay Rim na kailangan niyang ihiwalay ang sarili sa karamihan sa dahilang siya ay may mga sintomas ng COVID-19 *virus*. Si Tim ay nagtatrabaho nang palaktaw laktaw sa isang konstruksyon at tumatanggap ng pera bilang kabayaran. Nagmamaneho din siya pansamantala sa **Uber**. Hindi siya kwalipikado para sa Seguro sa Trabaho (Employment Insurance). Maaaring mag- aplay si Tim para sa '*Emergency Isolation Support*' (Suporta sa Panahon ng Kagipitan habang nakahiwalay sa Karamihan) na ipinagkakaloob ng Pamahalaan ng Alberta. Makakatanggap siya ng halagang \$1,146 ng isang beses upang tustusan ang kanyang pangangailangan hanggang sa makatanggap siya ng mgaa benepisyo mula sa pederal na pamahalaan. Kung siya ay mayroon pang sakit o nagpapagaling at naubos ang kanyang mga benepisyo, si Tim ay maaaring mag- aplay sa '*Canada's Emergency Response Benefit*'.

## ANG REGULAR NA MGA BENEPISYO NG SEGURO SA TRABAHO AY NAKALANAN PARA SA MGA KWALIPIKADO

Si Jorge ay nagtatrabaho nang pansamantala sa isang hindi-pangkalakal na organisasyon. Nakalikom siya ng 630 na oras nuong nakaraang taon (lumalabas na 15 oras kada linggo) kung kaya hindi siya kwalipikado para sa Seguro sa Trabaho (Employment Insurance). Si Jorge ay pansamantalang natanggal sa trabaho at nararapat na mag-aplay para sa regular na mga benepisyo ng Seguro sa Trabaho. Kailangang kausapin ni Jorge ang kanyang amo para humingi ng Kasulatan ng Kanyang Pagtatrabaho (Record of Employment) at maari na siyang mag-aplay ng *online* o maari siyang tumawag sa 1-800-622-6232. Makakaasa si Jorge na makakatanggap siya ng 55% ng kanyang lingguhang kita o \$573 kada linggo, alinman ang mababa.

## EMERGENCY ISOLATION SUPPORT

Ang Pamahalaan ng Alberta ay nagbibigay ng pansamantalang tulong pinansyal sa mga manggagawa na kailangang ihiwalay ang sarili dahil naabot nila ang pamantayan na kailangang humiwalay sa karamihan (*self-isolation*). Kabilang dito ang nag-iisang tagapag-alaga ng bata o ng isang taong may sapat na gulang subalit nakadepende sa iba ,na kailangang ihiwalay ang sarili sa dahilang sila ay umabot sa pamantayan ng Pampublikong Pangkalusugan , na wala nang iba pang mapagkukuhanan ng mapagkakakitaan habang nakahiwalay. Makakatanggap sila ng halagang \$1,146 bilang pandagdag sa kanilang

Kung alinman sa mga senaryong ito ay hindi tumutugma sa iyong pangangailangan bisitahin ang "*Momentum's blog page*" para sa karagdagang impormasyon kaugnay sa mga suportang pinansyal <https://momentum.org/financial-supports-for-people-impacted-by-covid-19/>

enough  
for  all

 **momentum**  
Learn › Earn › Save › THRIVE

 **United Way**  
Calgary and Area

**Calgary**

